CARD PIONEER Microinsurance Inc.

CaMIA CARD MRI Insurance Agency

PARA SA : **Lahat ng Kasapi at Kawani ng CARD MRI, Microinsurance Supervisors at Coordinators**

MULA SA : CPMI Officer-in Charge

CaMIA President

PETSA : Marso 07, 2023

TUNGKOL SA : **Paglilinaw sa Kabuklod Plan Dependents Promo**

MEMO REF. NO. : **CPMI-SALES-2023-09**

---

Magandang Araw!

Kaugnay ng ipinalabas na CPMI Sales-Memo 2023-08 ng CaMIA at CPMI patungkol sa "Kabuklod Plan Dependents Promo" noong Pebrero 01, 2022 narito ang ilang katanungan at paglilinaw para sa maayos na pagpapatupad nito.

**TANONG AT SAGOT**

**1. TANONG:** Kailan matatapos ang Kabuklod Plan Dependents Promo?

**SAGOT:** Ang Promong ito ay epektibo ng anim na buwan mula Pebrero 01, 2023 **hanggang Hulyo 31, 2023.**

**2. TANONG:** Sa pagpapasali ng Dependents para sa Kabuklod Plan, maaari ba sumali ang Non-Member Dependents?

**SAGOT:** Oo, ang Kabuklod Plan ay bukas para sa CARD Member o Non-Member Dependents pasubali na ang principal member ay insured na sa Kabuklod Plan.

**3. TANONG:** Sakop din ba ng Promo ang mga Non-CARD Organized group na may existing Kabuklod Plan?

**SAGOT:** Hindi, ang Kabuklod Dependents promo ay para lamang sa mga Principal Holder na CARD Member na mayroon nang Kabuklod Plan at CARD MRI Staff na kukuha pa lamang ng Kabuklod Plan.

**4. TANONG:** Paano ibibili ng Principal na Nakaseguro ang kanyang dependents ng Kabuklod Plan?

**SAGOT:**

**A.** Para sa NEW, kinakailangan bumuo ng grupo o minimum na tatlo (3) o higit pa upang makabili ng Kabuklod Plan, ang grupo ay maaaring kinabibilangan ng principal at mga dependents nito (Hal. Member/Staff, Asawa, Anak).

**B.** Para naman sa mga hindi makakabuo ng grupo maaari pa din kumuha ng Kabuklod Plan ng solo ngunit kailangan ito ay may kasama na iba pang produkto ng CPMI (2-in-1 to 5-in-1). Kung sakaling ang principal member ay may existing o nauna nang bundle insurance loan sa Unit ang Kabuklod bundle insurance ay maaring bayadan sa pamamagitan ng cash.

**C.** Kung ang dependents naman ay may existing na produkto alinman sa Sagip Plan, CARD Care Plus, ER Care o ProteKITA, kailangan isabay upon renewal ang pagkuha ng Kabuklod Plan at dapat pare-pareho ang mga Effectivity Date nito.

**5. TANONG:** Maari bang ibili ng Prinsipal na Nakaseguro ng Kabuklod Plan ang Live-In Partner na hindi miyembro ng CARD?

**SAGOT:** Oo, maaring ibili ng Prinsipal na Nakaseguro ng Kabuklod Plan ang Live-In Partner, CARD Member man o hindi. Para naman sa CARD MRI Staff tanging legal na kaanak lamang nito ang maaaring ma-insured.

**Upang mas maunawaan narito ang mga "hierarchy pattern" o pagkakasunod-sunod ng pagpapaseguro sa Kabuklod Plan Dependent depende sa kategorya ng sumusunod :**

**A. Para sa Staff**

| Eligibility | Tatay | Nanay | Kapatid | Asawa | Anak |
|---|---|---|---|---|---|
| **Single** | ✓ | ✓ | ✗ | ✗ | ✗ |
| **Married** | ✗ | ✗ | ✗ | ✓ | ✓ |
| **Widowed, Nasa ibang bansa ang asawa** | ✗ | ✗ | ✗ | ✗ | ✓ |

B. **Para sa Miyembro**

| Eligibility | Tatay | Nanay | Kapatid | Asawa/ Live-In Partner | Anak |
|---|---|---|---|---|---|
| Single | ✓ | ✓ | ✗ | ✗ | ✗ |
| Married/ Live-In Partner | ✗ | ✗ | ✗ | ✓ | ✓ |
| Widowed, Single Parent, Separated, Nasa ibang bansa ang asawa | ✗ | ✗ | ✗ | ✗ | ✓ |

**6. TANONG:** Ang mga CARD MRI Staff ba ay maaring kumuha ng Solo Kabuklod Plan lamang?

**SAGOT:** Oo, sa kadahilanang lahat ng CARD MRI Staff ay awtomatikong insured na sa Sagip Plan at CARD Care Plus, sila ay maaari nang kumuha ng Kabuklod Plan kahit hindi bumuo ng grupo o mag bundle insurance dahil sila ay may nauna nang free bundle insurance.

**Tandaan:** Ang susundin na effectivity date ng Kabukod Plan para sa mga CARD MRI Staff ay kung kelan ito binili.

Para sa inyong gabay at striktong pagsunod.

Maraming salamat sa inyong walang-sawang suporta!

Digitally signed by Melinda Grace M. Labao
Date: 2023.03.09 10:00:52 +08'00'

MELINDA GRACE M. LABAO
Officer-in-Charge, CPMI

VENER S. ABELLERA
President, CaMIA

VSA/MML/agd